



\*\*\*\*\*

## ANG PAGBABALIK NI LOLO PEDRO

ni: **ESTER C. MAGAAN, EdD**

Sa isang maliit na baryo ng Orconuma sa bayan ng Bongabong, Oriental Mindoro matatagpuan ang bahay nina Lolo Pedro. Siya ay kilala sa buong baryo bilang isang matandang punong-puno ng karunungan at mga kwentong bayan. Matagal na siyang hindi nakabalik sa kanyang bayan dahil nagtrabaho siya sa ibang bansa upang masigurado ang magandang kinabukasan ng kanyang pamilya.

Pagdating ni Lolo Pedro, sinalubong siya ng kanyang mga apo na sina Nenita, Jessie, at Susan. Nagtipon-tipon ang buong pamilya sa harap ng kanilang bahay na gawa sa kahoy at may pawid na bubong. Ang amoy ng lutong adobo at sinigang ay pumapailanlang sa hangin, tanda ng masayang pagsasalo-salo.

“Lolo, ano po ang dala ninyong kwento mula sa malayong lugar?” tanong ni Nenita na puno ng kasabikan.

Umupo si Lolo Pedro sa kanyang lumang duyan at nagsimula ng magkwento. “Nung nasa ibang bansa ako, marami akong nakilala mula sa iba’t ibang kultura. Ngunit, walang tatalo sa kultura natin dito sa Pilipinas. Alam niyo ba ang kahalagahan ng bayanihan?”

Sumagot si Jessie, “Opo, Lolo! Ang bayanihan po ay ang pagtutulungan ng mga magkakapitbahay.”

“Tama ka,” sabi ni Lolo Pedro. “Noong bata pa ako, tuwing may lilipat na bahay, sama-sama kaming nagtutulungan upang buhatin ang buong bahay. Hindi lang ito basta-bastang gawain, ito’y simbolo ng pagkakaisa at malasakit sa kapwa. At ito’y buhay na buhay pa rin dito sa ating bayan.”

\*\*\*\*\*

### Editorial Team

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

### Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,  
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,  
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*



\*\*\*\*\*

Nakikinig nang mabuti si Jessie habang naglalaro ng kanyang laruan. "Lolo, bakit po importante ang mga ganitong tradisyon?"

"Ang mga tradisyon, apo, ay nag-uugnay sa atin sa ating pinagmulan. Ito ang nagpapaalala sa atin ng ating mga halaga bilang Pilipino – ang paggalang sa nakatatanda, ang malasakit sa kapwa, at ang pagiging bukas-palad," paliwanag ni Lolo Pedro.

Habang lumilipas ang araw, tinuruan ni Lolo Pedro ang kanyang mga apo ng iba't ibang laro tulad ng tumbang preso, luksong tinik, at piko. Nagtawanan at nagsaya ang mga bata, natututo habang naglalaro.

Dumating ang gabi, at sabay-sabay silang nagdasal ng orasyon. Isang tradisyong patuloy na isinasagawa ng kanilang pamilya. Matapos ang dasal, nagtipon-tipon muli sila sa hapag-kainan at nagsalo-salo sa masaganang hapunan.

"Lolo, salamat po sa lahat ng inyong kwento at kaalaman. Hinding-hindi po namin makakalimutan ang ating mga tradisyon," sabi ni Nenita habang inaakay si Lolo papunta sa kanyang silid.

Ngumiti si Lolo Pedro at sinabing, "Basta tandaan ninyo, ang pagiging Pilipino ay hindi lamang sa dugo, kundi sa puso at gawa. Mahalin ninyo ang ating kultura at ipagmalaki ninyo ito saan man kayo magpunta."

At sa gabing iyon, natulog si Lolo Pedro na may ngiti sa kanyang mga labi, masaya at kuntento dahil alam niyang ang kultura at tradisyon ng mga Pilipino ay mananatiling buhay sa puso ng kanyang pamilya.

\*\*\*\*\*

## **Editorial Team**

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

## **Manuscript Editors / Reviewers:**

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,  
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,  
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*